



PATNUBAY SA MISA



21 Disyembre 2018

SIMBANG GABI – Ikaanim na Araw

Taon K

Ang Pagdadala ng Tunay na Saya sa Iba

*N*gayon ang ating Ikaanim na Simbang Gabi. Punong-puno ng saya ang araw na ito. Si Juan Bautista ay naglulukso sa saya sa sinapupunan ng kanyang ina. Si Elisabet naman ay napabulalas ng pagpupuri sa saya. Ang pagdalaw ni Maria kay Elisabet ay nagdala ng ligaya sa buhay ng iba. Hindi lamang ito dahil sa makatutulong siya kay Elisabet sa mga huling buwan ng kanyang pagdadalang-tao. Higit sa lahat, ito ay dahil sa dala-dala niya sa kanyang sinapupunan ang bukal ng lahat na ligaya sa sandaigdigan – ang Panginoong Hesukristo.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Malapit na ang pagdating ng Diyos na Poon natin, tatawagin s'yang Emman'wel, ngalang ang ibig sabih'y "ang D'yos ay ating kapiling."

Pagbati

P– Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong ugat ng saya sa buhay, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santong nagpapasaya ay sumainyong lahat.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Paghandaan natin ang pagdiriwang na ito sa pamamagitan ng paghingi ng tawad para sa mga kalungkutang dinala natin sa buhay ng ating mga kapuwa. *(Manahimik sandali.)*

P– Para sa aming kawalan ng pnanampalataya sa iyong mga dakilang balak na magdadala ng saya sa aming buhay, Pa-

nginoon, kaawaan mo kami.

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa lakas ng Espiritung iyong handog sa amin, Kristo, kaawaan mo kami.

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P– Para sa aming pag-ibig na kulang na kulang at nagdulot ng lungkot sa aming kapuwa, Panginoon, kaawaan mo kami.

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, dinggin mo ang mga kahilingan ng iyong sambayanan upang ang kagalakan sa pagdating ng iyong nagkatawang-taong Anak ay magdulot ng gantimpalang buhay na walang wakas kapag siya ay nagbalik nang may kadakilaang lantad sapagkat siya ang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

**PAGPAPAHAYAG NG
SALITA NG DIYOS**



Unang Pagbasa Sof 3:14-18

Ang ating sipi galing sa Unang Aklat ni Samuel ay naglalarawan ng malaking pasasalamat ni Ana sa Diyos para sa kanyang anak na si Samuel. Si Samuel ay tugon sa kanyang panalangin. Dahil sa siya ay handog ng Diyos sa kaniya, nais din niyang ihandog siya sa Diyos bilang kanyang lingkod. Mapuspos sana tayo sa pagdiriwang na ito ng tunay na pasasalamat sa Diyos.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Sofonias

Umawit ka nang malakas, Lunsod ng Sion: sumigaw ka, Israel! Magalak ka nang lubusan, Lunsod ng Jerusalem!

Ang mga nagpaparusa sa iyo ay inalis na ng Panginoon, at itinapon niya ang iyong mga kaaway.

Nasa kalagitnaan mo ang Hari ng Israel, ang Panginoon; wala nang kasawiang dapat pang katakutan.

Sa araw na yaon ay sasabihin sa Jerusalem: “Huwag kang matakot, Sion; huwag manghina ang iyong loob. Nasa piling mo ang Panginoon iyong Diyos, parang bayaning nagtagumpay; makikigalak siya sa iyong katuwaan, babaguhin ka ng kanyang pag-ibig; at siya’y masayang aawit sa laki ng kagalakan, gaya ng nagdiriwang sa pista.”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 32

B – Panginoon’y papurihan ng tapat n’yang sambayanan!

R. M. Velez



* Ang Panginoong Diyos ay pasalamatan, tugtugin ang alpa’t awit ay saliwang. Isang bagong awit, awiting malakas, kasaliw ang tugtog ng alpang marilag! **B.**

* Ngunit ang mga panukala ng Diyos ay mamamalagi’t walang

pagkatapos. Mapalad ang bansang Panginoon’y Diyos, mapalad ang bayang kanyang ibinukod. **B.**

* Ang ating pag-asa’y nasa Panginoon; siya ang sanggalang natin at katulong. Dahilan sa kanya, kami’y natutuwa, sa kanyang ngalan ay nagtitiwala. **B.**

Aleluya

B – Aleluya! Aleluya!

Emman’wel na hari namin halina’t kami’y sagipin at utos mo’y tutuparin.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 1:39-45

Ang sipi ng ating Ebanghelyo ay naglalarawan ng pagdalaw ni Maria kay Elisabet. Ito ay pagkikita ng dalawang babaeng biniyayaan ng Diyos. Ito ay pagtatagpo ng dalawang babaeng nagdadalang-tao at ang kanilang mga anak ay magdudulot ng kaligayahan sa sangkatauhan. Makabahagi sana tayo sa kaligayahang ito.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Si Maria’y nagmamadaling pumunta sa isang bayan sa kaburulan ng Judea. Pagdating sa bahay ni Zacarias, binati niya si Elisabet. Nang marinig ni Elisabet ang bati ni Maria, naggagalaw ang sanggol sa kanyang tiyan. Napuspos ng Espiritu Santo si Elisabet, at buong galak niyang sinabi, “Bukod kang pinagpala sa babaing lahat at pinagpala naman ang iyong dinadalang anak! Sino ako upang dalawin ng ina ng aking Panginoon? Sapagkat pagkarinig ko ng iyong bati ay naggagalaw sa tuwa ang sanggol sa aking tiyan. Mapalad ka sapagkat nanalig kang matutupad ang ipinasabi sa iyo ng Panginoon!”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Panalangin ng Bayan

P – Hangad nating maging masaya sa buhay. Tulongan sana tayo ng Diyos na matagpuan ang tunay na magpapaligaya sa atin. Ang ating sasambitin ay:

B – Diyos na ugat ng saya, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maging tunay na maligaya sila sa buhay at madala nila ang ligayang ito sa lahat, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay matuklasan nila ang pinanggagalingan ng dalisay na saya sa buhay, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang magawa nilang umangat ang buhay ng ating mga kababayan at maging masaya ang kanilang hinaharap, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong tigib ng lungkot at kapighatian ang buhay, upang makatagpo sila ng mga taong tutulong sa kanila sa ngalan ng Diyos at magdadala ng saya sa kanilang buhay, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang maging masigasig tayo sa pagtulong sa iba at sa pagdadala ng saya sa kanilang buhay, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (Tumigil sandali.)

Manalangin tayo! **B.**

P – Ama naming pinagmumulan ng lahat ng saya, isugo Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritung siyang nagdudulot ng tunay na ligaya sa buhay at siyang handog sa pagdalaw sa amin ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B – Amen!

**PAGDIRIWANG NG
HULING HAPUNAN**



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, kaulugdan mo ang mga alay ng iyong sambayanan. Ang ipinagmagan-

dang-loob mong ibigay sa amin upang maihain ay siya nawang gumana sa iyong ginagawa upang kami'y tubusin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B– Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya'y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya'y inilahad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami'y nananabik at nananalangin lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaan!

Pagbubunyi

B– Aming ipinahayag na matay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibu-

tan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Talagang napakapalad ang nanalig nang tapat sa pangakong sa D'yos buhat pagkat ito'y matutupad ayon sa kanyang pahayag.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, ang pakikinabang ng iyong sambayanan ay siya nawang magtaguyod lagi sa tanang nagdiwang upang sa pagsamba sa iyong kadakilaan makamtang masagana ang ganap na katagalingan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGWAWAKAS



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. *(Tumahimik sandali.)*

Iadya nawa kayo ng Diyos sa lahat ng panganib at bigyan kayo ng lahat ng makabubuti sa inyo.

B– Amen!

P– Palakasin nawa kayo ng kanyang biyaya upang matiis ang mga kahirapan ng buhay.

B– Amen!

P– Patatagin Niya nawa kayong lagi sa pananampalataya, maligaya sa pag-asa at walang pagod sa pagmamahal.

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa, tulad ng ginawa ni Maria.

B– Salamat sa Diyos!

SPECIAL

WALL CALENDARS

Mabibili sa
WORD & LIFE
PUBLICATIONS

May gabay
sa pagbasa at santo
sa bawat araw.
Tampok ang maikling
patalastas
para sa pagdiriwang
ng Taon ng Kabataan.

Consecration to the Hearts of Jesus and Mary
Hail, most loving Hearts of Jesus and Mary!
We venerate you.
We love and honor you.
We give and consecrate ourselves to you forever.
Receive us and possess us entirely.
Purify and sanctify us so that
we may love you, Jesus, with the Heart of Mary,
and love you, Mary, with the Heart of Jesus!

JANUARY 2019
YEAR OF THE YOUTH

BILI NA!

ANG LIHIM NG TUNAY NA LIGAYA SA BUHAY

Ligaya ang hanap ng lahat ng tao. Ang Lturo nga ni Sto. Tomas de Aquino ay ito: ang hanap ng tao ay ligayang buo, walang kupas, at walang hanggan. Paano kaya mahahanap ang ligayang ito?

Ang wagas at dalisay na ligaya ay matatagpuan lamang kay Hesukristo. Ito ay dahil **“si Hesukristo noong nakaraan ay siya rin sa kasalukuyan at siya rin magpakailanman”** (Hebreo 13:8). Ang daan patungo kay Hesukristo ay ang pananampalataya, pag-asa at pag-ibig: **“Ang tatlong ito’y nananatili: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig; ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig”** (1 Corinto 13:13). Subalit ang mga ito ay hindi dapat nasa loob lamang: **“Ang mahalaga’y ang pananampalatayang nakikita sa gawang udyok ng pag-ibig”** (Galacia 5:6).

Ito ang ginawa ng Mahal na Birheng Maria sa kanyang pagdalaw kay Elisabet. Ang kanyang pagtulong kay Elisabet sa huling tatlong buwan ng kanyang pagdadalang-tao ang **gawang udyok ng pag-ibig** na sinasabi ni San Pablo. Ang pag-ibig na ito ay dalisay dahil galing ito sa Espiritu: **“ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig”** (Galacia 5:22). At ang Espiritu ay laging kaugnay ng Panginoong Hesukristo. Noong siya ay nagpabinyag sa Ilog Jordan ay **“bumaba sa kanya ang Espiritu Santo sa anyong kalapati”** (Lucas 3:22). Kaya nga nang

magsimula siyang mangaral ay pinili niya ang sinabi ni Propeta Isaias tungkol sa Mesias: **“Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon”** (Lucas 4:18). Nakapagdala si Maria ng saya dahil nasa kanyang sinapupunan na si Hesus at saanman siya tumungo ay handog niya ang Espiritu Santo. Dahil dito, **“napuspos ng Espiritu Santo si Elisabet”** (Lucas 1:41). Ganoon din ang naganap sa Templo: **“Sa patnubay ng Espiritu, pumasok siya (Simeon) sa templo”** (Lucas 2:27). Si Simeon ay napuno ng galak at **“nagpuri sa Diyos”** (Lucas 2:28).

Kung ibig nating magpasaya ng mga tao ay dapat dalhin din natin sa kanila si Hesus. Si Hesus ang maghahandog ng Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ang talagang magpapasaya sa kanila. Kay gandang isipin na hindi ang damit at laruan ang magpapasaya sa ating mga inaanak. Hindi rin ang regalong **cellular phone o iPad o laptop** ang magpapaligaya sa ating mga mahal sa buhay. Ni hindi sasakyan, lupa, o bahay ang magbibigay ng galak sa mga taong mahalaga sa atin. Ang tunay na ligaya ay nakaugat kay Hesus at nanggagaling sa Espiritu Santo.

Kaya hindi ang mayaman at mapagbigay na tao ang talagang makapagpapasaya sa Paskong ito. Ang mabait na taong nasa puso niya si Kristo ang siyang makapagpapasaya sa Paskong ito at sa lahat ng Pasko sa ating buhay.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldua